# PART II

# MEETING THE NEEDS OF OUR FAMILY

Sa ikalawang yugto ng ating pagbabarko, inaasahang isang management level officer na tayo. Karaniwan, nasa edad 35 anyos na tayo, may asawa man o wala.

Inaasahan din nakapagsimula na tayong mag-impok mula sa substansyal nating kinikita sa tuluy-tuloy nating pagbabarko.

Napapanahon na para lubos na matugunan ang pangangailangan na ating pamilya kasabay ng paglalatag ng kondisyon para sa ating pagreretiro. Mas malapit na rin tayo sa mithiin nating financial independence.

# Chapter 10

# Pag-aasawa, at Pagpapamilya

Kailangang talakayin ang paksa ng pag-aasawa at pagpapamilya dahil kritikal ang mga usaping ito sa buhay nating mga marino.

Nasabi sa Chapter 5 ang kahalagahan ng wastong pagpili ng ating kapartner sa buhay. Malaki ang kinalaman ng ating kabiyak sa ikatatagumpay ng ating propesyon at sa pagkakamit ng ating mithiin na maging financially independent sa hinahanarap.




Nawa'y hindi tayo malagay sa sitwasyong kailangan nating magpakasal nang wala pa sa ating plano, kumbaga, kasubuan lang.

Minabuting pumasok tayo sa buhay-asawa sa huling bahagi ng unang sampung taon natin sa pagbabarko, OIC o chief mate/second engineer na tayo para may pagkakataon na tayong mag-ipon para sa ating kasal at matustusan ang lumalaking gastos kapag nagkapamilya na tayo.

## A. Pagpapakasal

Depende sa nais natin, pwedeng engrande o simple lang ang kasal, pero higit sa lahat depende sa naipon natin.

Mayroon kumukuha pa ng wedding consultant or organizer para hindi na maabala sa mga detalye sa paghahanda sa kasal. Mayroon na rin wedding packages na mapagpipilian pero kailangan nito ng malaking badyet.

Pero dumarami na ngayon ang praktikal na marino na mas pinipili ang hindi magarbong kasalan para hindi gaanong malaki ang gastos pero hindi rin masyadong simple para memorable.

Ang gastos o badyet sa isang magarbong kasal sa ngayon ay sapat na para magpatayo ng bahay o magsimula ng negosyo.



Makakatulong ang ilang tips sa paghahanda sa kasal. Gumawa ng badyet at piliting mag-stick sa badyet. Ito ang kadalasang problema, habang lumalapit ang kasal lumalaki rin ang gastos. Balikan ang aral natin sa "needs" at "wants."

Gayunman, mabuting maglalaan ng 20 porsyentong allowance na dagdag sa badyet para kung sakaling kapusin.

Hindi puwede magpapakasal tayo nang wala tayong tiyak at sapat na pondo at hihilingin sa mga imbitado na cash na lang ang iregalo na ipambabayad natin sa handa sa kasal.

Tandaan: Mas mahalaga sa badyet ang kasagraduhan ng kasal para sa ikakasal. Nasa mabuting pagtupad nila sa kanilang sinumpaan sa harap ng Diyos ang ikatatagumpay ng kanilang buhay may-asawa, hindi sa laki ng kanilang badyet sa kasal.

**B. Pagpapamilya**

Tulad din ng pag-aasawa, ang pagpapamilya o pag-aanak ay kailangan din ng masusing paghahanda lalo na sa kalagayan ng ating trabaho na mas madalas na hindi natin kasama ang ating pamilya sa mahaba-habang panahon.

Kaya hindi maiiwasang tatayong single parent ang ating asawa sa maraming pagkakataon. Mabuti na lang dahil sa teknolohiya, mayroon ng email at skype, mas mabilis at mas madali na ang komunikasyon sa pagitan nating nasa barko at ng ating pamilya. Pero wala pa ring kapalit ang personal presence natin sa ating pamilya.

Maaari ring kung kailan kailangang-kailangan ng suporta ng ating asawa sa kanyang panganganak wala tayo sa tabi niya o kaya nasa laot tayo habang nakaratay sa ospital ang ating anak dahil sa seryosong sakit.

Kaya hindi lang pinansyal kundi pati emosyonal na kahandaan ang kailangan para tanggapin ang sitwasyong ito.

Sa bahagi natin, hindi dapat maapektuhan ang paggampan natin ng trabaho ng gayong sitwasyon.

Kaya mabuting planuhin ang pag-aanak, kung ilan at kung ilang taon ang agwat ng bawat isa. Dapat na pag-usapan ito ng mag-asawa at pagkasunduan para maiwasan ang anumang tampuhan.

Marami namang ligtas na family planning method na magagamit sa pagkontrol ng pag-aanak.

Higit sa lahat ang paghahanda sa lumalaking badyet na kailangan ng pamilya.

Nabanggit natin sa una na nasa opsyon natin kung bubukod na agad tayo sa ating pamilya o makikipisan muna sa kanila. May mga disbentahe ito, kasama na rito ang pakikisama sa mga in-laws pero may mga bentahe rin, una na rito para makatipid sa badyet.

Mababasa sa Chapter 11 ang ukol sa pagpapatayo ng bahay.

### C. Pagiging Mahusay na Magulang

Kakaiba ang hamon ng isang tatay na marino. Laging wala sa tahanan, at salamat na lamang sa technology dahil kahit sa screen ng cellphone, laptop at computer ay nakikita siyang lagi. Ilan sa mga hamon ay ang mga sumusunod:



Regular presence – seafarers are mostly out in the sea. Ang bakasyon na minsan ay longest na ang 3 months dahil sayang naman ang kikitahin kaya babalik na agad sa sea ay hindi pa maituon sa pamilya ng buo. Aba, eh Pinoy yata, kasama sa pagbibigyan ng oras ay ang mga kaanak ng magkabilang partido.

Delegated responsibility – ang tatay ang haligi ng tahanan at siya ang

merong leadership and authority over matters of discipline and conduct. Sa kanyang absence, ito ay nabibilin kay nanay. Minsan o baka mas madalas di ganun kalinaw ang pag sasalin na ito sa nanay. Isang hamon sa delegated responsibility ay ang pagsasagawa. May pagkakaiba ang pagsasagawa ni nanay kay tatay. Halimbawa, sa pagpapasunod. Children commonly obey the fathers more than mothers.

Guilt feelings – may kurot sa puso ang tatay sa pagiging laging wala sa tahanan. Ito ay natutugunan sa pagbibigay ng mga material na bagay o kaya ay maluwag na pagpapasunod sa bata.

Paghubog ng image ng isang tatay – haligi ang tatay sa tahanan. Bilang haligi ang image ng isang leader at person in authority ang dapat maipakita ng tatay sa halip na provider lamang. Dito madalas na nagkakaroon ng confusing image sa bata si tatay. Ang laging tanong ng tatay," Anak, ano ang gusto mong bilhin?

Making an impact as a role model – ang tatay ang unang magbibigay ng modelo ng pagiging isang lalaki sa anak na lalaki at sa anak na babae naman ay kung ano ang isang lalaki sa buhay ng babae. In the erratic presence of fathers, children tend to be confused as to a male model in the home.

Sa kabilang dako, si nanay ay meron ding mga challenges. Aba mahirap yata na maging tatay at nanay pa rin sa araw-araw na buhay pamilya. Home management, balancing family dynamics and financial responsibilities ay ilang mga aatensyunan ni nanay. Specifically, ang mga nanay ay dapat maging maayos sa pagharap sa mga sumusunod:

1. Freedom and independence in being both mother and father – walang regular na check and balance sa paggawa ang nanay ng mga tungkulin. Maaaring merong regular na pag-uusap ang mga magulang, pero si nanay, bilang mag-isang nangangasiwa sa tahanan ay malayang makakagawa at magdesisyon ng kanyang gustong gawin.

2. Pagbibigay ng update kay tatay tungkol sa mga nangyayari sa tahanan – aba si nanay yata ang may laya na magdecide kung ano ang kanyang gustong sabihin at hindi gustong sabihin sa tatay tungkol sa mga nangyayari sa bahay at buhay ng mga anak.

3. Pagsasagawa ng mga bilin ni tatay – gaya ng hamon ni tatay sa kanyang delegated responsibility, si nanay naman ay sa kanyang pagsasagawa ng

mga delegated tasks na ito ang hamon. Magkaiba ng personalidad at pagpapasunod ang tatay at nanay kaya hindi magiging kasing tiyak kung si tatay ang nagpapatakbo ng mga roles na ito.

4. Managing personal difficulties – bilang solo sa buhay merong mga kahirapan na nadarama si nanay. Isa na ang namimiss si tatay. Wala siyang ka"pillow–talk". Ang companionship ng isang asawa ay kapos din. Isama na nga ang mga tukso sa paligid at baka meron din pressures ng mga in-laws. Ang mga ito ay nagbibigay ng stress at pressure sa isang nanay at asawa na madalas ay naiiwang mag-isa.

5. Home management – ang pagaasikaso sa tahanan ay talagang gawain nakaatang sa isang nanay. Nagiging mabigat ito dahil sa kawalan ng palagiang katuwang sa buhay. Sa halip na gampanan lamang ang pagiging nanay in charge of home management ay magiging abala pa sa mga dagdag na gawain in the absence of the father.

Tunay, na iba ang family dynamics ng pamilya ng marino. Ito ay dahil sa pagasa sa technology para sa mga communications at madalas na iniiwan sa nanay ang mga pagsasagawa ng mga tungkulin sa mga anak.

Ang layunin ng pagiging mabuting magulang ay magkaroon ng mag anak na merong ugat na nakabaon sa maayos at makabuluhang pamumuhay at katatagan upang maging malaya sa magulang upang magkaroon ng sariling pamilya. Dito nakasalalay ang pag unlad ng isang bansa. Ganyan kahalaga ang pagiging magulang. Ang mga tuon sa mga gawain ng magulang ay maagang simulan dahil sabi nga sa Kawikaan 22:6 *Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran,at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan*. Makikita ito sa mga:

1. ***pagpapalaki*** – ito ay ang mga pagbibigay ng pangpisikal na pangangailangan ng bata upang maayos na makamit ang takdang paglaki

2. ***pagsubaybay*** – pagbibigay ng panahon sa monitoring of children's behavior and activities

3. ***pag-aalaga*** – ang mga bata ay nangangailangan ng masuyong care sa kanilang mga pangangailangan based on their developmental areas:

   3.1 *spiritual* – refers to cultivating a personal relationship with God who is recognized as an authority over one's life.

3.2 *cognitive* – ito ay may kinalaman sa kaisipan ng bata na inalagaang maging malago at matuto ng tamang pagiisip.

3.3 *physical* – alagaan ang health ng mga bata na kasalalay sa isang maaayos na pagkain at wellness practices

3.4 *social* – alagaan din ang kakayahan ng bata na makisalamuha, yung matuto siyang makibagay and to understand others' position and rights

3.5 *emotion* – mahalaga ang maalagaan ang damdamin ng bata para tumatag siya ay matutuhan din niya ang pagkakaroon ng pagtitimpi ng damdamin para sa mas makabubuting kaganapan

4. ***paggabay*** – maraming bagay ang dapat maituro sa bata. Ang mga ito ay magiging daan sa kanyang character formation at shaping of attitudes and outlook in life. Ang mga sumusunod ay magandang maging batayan ng pagbibigay ng gabay sa mga bata:

**G**od – the fear of the God is the best foundation upang ang bata ay lumaking maaayos at magkaroon ng kabuluhan at kahulugan sa pamumuhay sa kanyang pag-idad. Dito rin nakasalalay ang pagkilala sa masama at mabuti and making of decision to do the right thing

**A**uthority – every child must recognize the authority of the father as the leader in the home. This is best kung ang pagiging in authority ni tatay ay nakasalalay sa pagkilala ng isang Diyos bilang authority na sinusunod

**B**oundaries – limits. Mabuti sa bata kung alam niya ang limits ng kanyang kilos at pagdedesisyon. This will be the basis of the child's decision-making and behavior affecting oneself and others. Boundaries come in the form of rules and expectations that parents must make clear sa bata para alam niya kung ano ang kanyang dapat ay susundin.

**A**ttitude – mahalaga ang attitude. Sabi nga ni Zig Ziglar, attitudes determine one's altitude. Ang pag-angat sa buhay ay mas nakasalalay sa attitude at hindi sa kakayahan lamang. Ang attiude na palaban ay tutugon ng mabuti sa mga hamon sa buhay. On the other hand, negative attitude send one to withdraw.

Yearnings – ito ang mga dreams ng bata. Ano ang silbi ng maraming kita na marino kung ang mga ito naman ay di magdadala ng tagumpay sa mga bata upang makamit ang kanilang ambisyon. Ang magulang ay nararapat na tumuklas sa talent ng mga bata at ito ay suportahan tungo sa pagkamit ng ambisyon.

5. ***pagpapalaya*** – ang tagumpay ng magulang ay nakikita sa panahon na ang mga anak ay magiging malaya na at nagsasarili ng buhay indepedent from parents.

   Ang mga hamon dala ng pagiging iba ang family dynamics ng pamilya ng marino ay matutugunan sa maayos na samahan ng tatay at nanay na nakasalalay sa isang pagtitiwala sa Panginoon, sabi nga sa Awit 127:1a Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan. Helpful din ang bukas na pag-uusap gayun din ang matibay na unawaan at tiwala sa isa't-isa.

**D. Edukasyon ng mga Anak**

Kasama sa mahalaga nating dapat harapin kapag nagkapamilya na tayo ang pag-aaral ang ating mga anak.

Alam nating walang tigil ang pagtaas ng tuition sa mga pribadong paaralan pati ang mga dating state colleges and universities ay isinasapribado na rin, kaya may bayad na rin.

Para masigurong matutustusan natin ang edukasyon ng mga bata, isang paraan ang pagkuha ng mga educational plans. Bagama't may mga hindi mabuting karanasan sa ilang kompanya na nagbebenta ng pre-need plans tulad ng educational at pension plans, mayroon din namang mga kilalang kompanya na may mabuting rekord.




***1. Educational Plans***

Tinatawag itong pre-need plans dahil binabayaran na natin ngayon ang "need" tulad ng matrikula ng mga bata pero hindi pa natin gagamitin ito ngayon kundi sa hinaharap pa.

Nangyari ang pagbagsak ng ilang pre-need na kumpanya dahil sa kawalan noon ng batas na nagre-regulate sa mga ito. Nakapailalim lang ito dati sa Securities and Exchange Commission o SEC na mas abala sa pagbabantay sa bentahan ng shares sa stock exchange at mga security papers.

Ngayon, sa ilalim ng Republic Act of 9829 o Pre-need Code of the Philippines higit na may proteksyon ang mga planholders laban sa posibleng pag-abuso ng management ng pondo ng planholders.

May mga educational plans para sa high school at pangkolehiyo. Kung bata pa ang ating mga anak, preschool age pa, mas mura pa ang plans.

Noong masira ang imahe ng pre-need industry, marami ang nagbukas sa mga bangko ng trust account na mas mataas ang interes kaysa savings account, para sa edukasyon ng mga anak. Tulad ng pre-need plans, puwedeng huhulugan ito sa isang takdang panahon halimbawa 5 taon, tapos kukunin sa maturity date nito na kadalasang sa panahong nasa kolehiyo na ang anak.

### *2. Scholarship Programs*

Maaari ring pagsikapan na makakuha ng scholarship programs. Ang Overseas Workers Welfare Administration OWWA ay nagkakaloob ng scholarships sa mga anak ng overseas Filipino workers katulad nating mga marino.

May mga scholarship din na ibinibigay ang unibersidad at kolehiyo sa mga estudyanteng may matataas na grade.

Isang opsyon din na makapasok sa mga maritime schools na pinuponduhan ng gobyerno tulad ng Philippine Merchant Marine Academy (PMMA) sa Zambales na hindi naniningil ng tuition o ng pribadong institution tulad ng Maritime Academy of Asia and the Pacific (MAAP) sa Bataan at NYK-TDG Maritime Academy (NTMA) sa Laguna na subsidized ang tuition.

## F. Medical Needs

Isa pang pangangailangan na dapat nating tugunan ay ang medial needs ng ating pamilya. Alam nating lahat na magastos ang magkasakit lalo na kung maoospital.